

5


Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 5

Kuarter
Aralin
2

Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5
Kuarter 2: Aralin 2 (para sa Linggo 2)
SY 2023-2024

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.



Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY-ARALIN

ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS: GMRC / Ikalawang Kuwarter / Baitang 5

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling paraan ng pagmamahal sa mga magulang o tagapangalaga.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagmamahal sa mga magulang o tagapangalaga bilang tanda ng pagiging mapagpasalamat
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pagdakila sa mga mabuting ginawa ng kaniyang mga magulang o tagapangalaga a. Nakapagpapahayag ng mga sariling paraan ng pagmamahal sa mga magulang o tagapangalaga b. Napatutunayan na ang mga sariling paraan ng pagmamahal sa mga magulang o tagapangalaga ay bahagi ng pagpapahalaga sa kanilang tungkulin at sakripisyo tungo sa pagpapatatag ng ugnayan ng bawat kasapi ng pamilya c. Nailalapat ang mga sariling paraan ng pagmamahal sa mga magulang o tagapangalaga
C. Nilalaman	Mga Sariling Paraan ng Pagmamahal sa mga Magulang o Tagapangalaga 1. Ang tungkulin at sakripisyo ng magulang o tagapag-alaga sa pagpapatibay ng relasyon ng bawat miyembro ng pamilya 2. Pansariling pagpapahayag ng pagmamahal sa mga magulang o tagapag-alaga
D. Lilinanging Pagpapahalaga	Mapagpasalamat (<i>Gratitude</i>)
E. Integrasyon	Kantang “Anak” ni Freddie Aguilar <i>Family Solidarity</i>

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing

(w.p.) Anak (F. Aguilar). Nakuha mula sa

https://www.google.com/search?q=anak+lyrics+by+freddie+aguilar&oq=anak+ly&gs_lcrp=EgZjaHJvbWUqBwgCEAAyGAQyCggAEAAySOMYgAQyBggBEEUYOTIHCAIQABiABDIHCAMQABiABDIHCAQQABiABDIHCAUQABiABDIHCAYQABiABDIHCACQABiABDIHCAgQABiABDIHCAkQABiABNIBCTk1MzNqMGoxNagCCLACAQ&sourceid=chrome&ie=UTF-8

<https://www.youtube.com/watch?v=ibmh64itn1M>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA sa GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	<p>UNANG ARAW</p> <p>Maikling Balik-aral</p> <p>GAWI at WIKA. Sagutin ang tanong:</p> <p>Paano mo ipinakikita ang iyong pagiging magalang sa pamamagitan ng iyong...</p> <p>GAWI (<i>action</i>):</p> <p>1. _____</p> <p>_____</p> <p>2. _____</p> <p>_____</p> <p>WIKA (<i>salita</i>):</p> <p>1. _____</p> <p>_____</p> <p>2. _____</p>	<p><i>Dyad.</i> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang sagot sa kanilang katabi.</p>

<p>B. Paglalahad ng Layunin</p>	<p>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin</p> <p>#LIRIKONSEPTO. Kaalamang Natutuhan, Musika ang Lunsaran</p> <p>a. Ipakilala ang kantang “Anak” ni Freddie Aguilar sa klase sa pamamagitan ng isang <i>video</i> o kaya ay awitin ito kasama ang buong klase.</p> <p>b. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Masusing suriin ang iba't-ibang bahagi ng kantang “Anak” upang maunawaan ang mensahe nito.</p> <p>Unang Pangkat: 1-3 na sakno Ikalawang Pangkat: 4-6 na sakno Ikatlong Pangkat: 7-10 na sakno</p> <p>b. Ipaliwanag ang mensahe ng awit ayon sa mga saknong nakatalaga sa bawat pangkat.</p> <p>Kanta: Anak ni Freddie Aguilar</p> <p>I No'ng isilang ka sa mundong ito Laking tuwa ng magulang mo At ang kamay nila ang 'yong ilaw</p> <p>II At ang nanay at tatay mo'y 'Di malaman ang gagawin Minamasdan pati pagtulog mo</p> <p>III At sa gabi'y napupuyat ang iyong nanay Sa pagtimpla ng gatas mo</p>	<p>Sa gawaing ito, maghanda ng gamit para mapakinggan ng mga mag-aaral ang awit. Iparinig ang aktuwal na awit hanggang ito ay masabayan nila. Ulitin ang pagtugtog sa awit upang matiyak na naintindihan nila ang mensahe nito. Maaari ding gawing takdang aralin bago pa simulan ang paksa na ito.</p> <p>Pumili ng isa o dalawang mag-aaral sa grupo na magpapaliwanag ng kanilang nabuong mensahe sa awit.</p> <p>“Anak” <i>Youtube Video link:</i> https://www.youtube.com/watch?v=ibmh64itn1M</p>

At sa umaga nama'y kalong ka
Ng iyong amang tuwang-tuwa sa iyo
IV
Ngayon nga ay malaki ka na
Ang nais mo'y maging malaya
'Di man sila payag, walang magagawa
V
Ikaw nga ay biglang nagbago
Naging matigas ang iyong ulo
At ang payo nila'y sinuway mo
VI
'Di mo man lang inisip na
Ang kanilang ginagawa'y para sa iyo
'Pagkat ang nais mo'y masunod ang layaw mo
'Di mo sila pinapansin
VII
Nagdaan pa ang mga araw
At ang landas mo'y naligaw
Ikaw ay nalulong sa masamang bisyo
VIII
At ang una mong nilapitan
Ang iyong inang lumuluha
At ang tanong, "Anak, ba't ka nagkaganyan?"
IX
At ang iyong mga mata'y biglang lumuha
Nang 'di mo napapansin
Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali
X
Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali
Pagsisisi ang sa isip mo't
Nalaman mong ika'y nagkamali

2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin

	<p>KANTA-SURI. Suriin ang mensahe ng kantang “Anak” sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong.</p> <p>1. Ano ang sinasabi ng kanta tungkol sa relasyon ng isang magulang at anak?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>2. Ano ang mga pagsubok na hinaharap ng pamilya sa kanta?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>3. Paano ipinapakita ng magulang ang kanyang pagmamahal sa kanyang anak batay sa kanta?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>4. Ano ang kahulugan ng pagpapatawad at pang-unawa sa kanta?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>5. Bakit mahalaga ang pamilya sa buhay ng isang tao ayon sa kanta?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>6. Bilang anak, ano ang ibinigay na mensahe sa iyo ng kanta?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>	<p>Maaaring tumawag ng 4-6 na mga mag-aaral at hikayatin silang ibahagi ang kanilang sagot.</p> <p>Bigyang-halaga ang mga katagang maaari nilang ibahagi: Pagmamahal ng magulang sa anak Tungkulin at sakripisyo Pagmamahal ng anak sa magulang</p>
<p>C. Paglinang at Pagpapalalim</p>	<p>IKALAWANG ARAW</p>	<p>Kaugnay na Paksa 1 Sa paksang ito, napakahalagang matukoy ng</p>

	<p>Kaugnay na Paksa 1: Ang Tungkulin at Sakripisyo ng Magulang o Tagapangalaga sa Pagpapatibay ng Relasyon ng Bawat Miyembro ng Pamilya</p> <p>1. Pagproseso ng Pag-unawa Ang tungkulin at sakripisyo ng mga magulang o tagapangalaga sa pagpapatibay ng relasyon sa pamilya ay mahalaga para sa pagpapalakas ng isang suportadong, nagmamahal, at buo ang pamilya. Narito ang iilang mga tungkulin at sakripisyo:</p> <p>a. Pagpapaunlad ng mga kasanayan Ang pagiging magulang ay isang walang katapusang kasanayan. Ang pag-unlad ng isang tao sa aspeto ng kognitibo, sosyo-kultural, pisikal, mental, at espiritwal ay pinaniniwalaang resulta ng kontribusyon ng mga magulang. Ang mga prinsipyong ipinapamuhay at ang kakayahan ng mga magulang ay itinuturing na mahalaga sa pagpapalaki ng isang anak na may maayos na kalusugan sa lahat ng aspektong ito.</p> <p>b. Pagbibigay ng suporta at gabay Ang tama at mahalagang papel ng magulang ay maglaan ng suporta, gabay, at pagkakataon para sa mga aktibidad na magpapalakas sa bata upang mapaghandaan ang mga mahahalagang tungkulin sa kanilang pag-unlad. Ang pag-aaral at pag-uugali ng isang bata ay pinakamalaki ang impluwensya ng kanilang pamilya dahil ang pamilya ang pangunahing grupo ng bata sa lipunan. Ang mga magulang na masaya ay nagpapalaki ng mga masayang anak. Ang pag-unlad ng isang bata ay nagmumula sa kanilang mga magulang. Walang makakapagpabago sa katatagan ng pamamaraan sa pagpapalaki ng isang bata. Bilang resulta, ang mga magulang ay nagiging pangunahing tagapangarap para sa kanilang mga anak. Walang anumang bagay sa mundo ang nagiging katumbas sa sakripisyo ng pagiging magulang. Lahat ng gawain ng mga magulang para sa kanilang mga anak ay nag-iwan ng hindi mabuburang bakas sa buhay ng bata. Ang isang bata na patuloy na nakakaranas ng maayos na pagpapalaki ay magpapatuloy sa pag-unlad sa buong buhay nila.</p> <p>c. Pagbibigay ng magandang pamumuhay Ang edukasyon ay isa sa mga pangunahing bahagi sa pag-unlad ng isang bata. Ang isang magandang edukasyon ay magbibigay ng magandang karera sa isang tao at sa gayon ay makapagsilbi sa lipunan at ibalik ang mga biyaya nito. Mahalaga na malaman kung paano nakaaapekto ang mga magulang sa buhay ng</p>	<p>mga mag-aaral ang iba't ibang tungkulin at sakripisyo ng kanilang mga magulang o tagapangalaga upang mapagtibay ang relasyon ng bawat miyembro ng pamilya. Masusi itong pag-aralan upang makita at mabigyang-halaga ng mga mag-aaral ang mga tungkulin at sakripisyo ng kanilang mga magulang.</p>
--	---	---

kanilang mga anak at kung paano nila ginagampanan ang mahalagang papel sa pisikal, mental, pinansyal, emosyonal, at propesyonal na pag-unlad ng bata.

2. Pinatnubayang Pagsasanay

#MAPA NG KAALAMAN. Lokasyon ng Kabatiran, Pook na Dapat Puntahan

Sa pamamagitan ng mapa ng kaalaman, sagutin ang tanong: Ano anong mga tungkulin ng iyong mga magulang o tagapangalaga upang mapatibay ang relasyon ng bawat miyembro ng iyong pamilya?

Mga Tungkulin ng mga Magulang o Tagapangalaga Ko para sa Pamilya Ko

3. Paglalapat at Pag-uugnay

#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa bawat sakripisyong ibinibigay sa iyo ng iyong mga magulang o tagapangalaga, paano mo ito sinusuklian?

Mga Sakripisyo ng Aking mga Magulang o Tagapangalaga	Susuklian ko ang mga Ito sa Pamamagitan ng...
1.	•
2.	•
3.	•
4.	•
5.	•

2. Sa iyong palagay, bakit ito ginagawa ng iyong mga magulang?

IKATLONG ARAW

Kaugnay na Paksa 2: Pansariling Pagpapahayag ng Pagmamahal sa mga Magulang o Tagapangalaga

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Ang mga pansariling pagpapahayag ng pagmamahal ay nagpapakita ng malasakit, respeto, at pagpapahalaga sa mga magulang o tagapangalaga, na nagpapalakas ng ugnayan at samahan sa loob ng pamilya. Narito ang iilan sa mga ito:

a. Pisikal na Pakikipag-ugnayan

Bukod sa mga halik at yakap, ipinapakita ng mga bata ang kanilang pagmamahal sa magulang at tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagpapahid ng kanilang mukha,

paghawak sa kamay, at pag-upo sa kanilang mga tuhod. Humihingi sila ng pag-angat, nagpapakarga, at nagpapahinga ng kanilang ulo sa balikat. Walang mas malaking tiwala kaysa sa tiwala ng isang bata sa kanilang magulang. Ang pisikal na pakikipag-ugnayan ay isa sa mga paraan ng bata upang ipakita ang kanilang pagmamahal at tiwala sa kanilang mga magulang.

b. Mga Maliliit na Handog

Ang mga bata ang mahilig mamitas ng mga bulaklak at maghanap ng mga maliit na bato at bunga sa hardin upang ibigay bilang regalo sa mga minamahal. Nagbibigay rin sila ng isang mapagmahal na guhit o obra ng pintura.

c. Mga Magagandang Salita

May kaunting pagkakaiba sa tinig ng anak kapag sinasabi ang salitang "Mommy" o "Nanay" o "Tatay" o "Ama" na para lamang sa magulang. Ito ay nagpapadama ng higit pang pagmamahal kaysa sa simpleng "mahal kita" o "gusto kita." Kasama rin sa nakakatuwang mga pahayag ang: "Ikaw ang pinakamahal kong kaibigan!" at "Ikaw ang paborito ko!"

d. Oras ng Magkasama

Kapag naghahanap ng pansin ang mga bata sa mga magulang, ito ay tanda ng kanilang pagmamahal at pagnanais na damdamin na mahalaga ang kanilang mga magulang sa kanila.

e. Pagtulong sa mga Gawaing Bahay

Ang pagtulong ng mga anak sa mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglilinis, at pag-aalaga sa mga kapatid ay isang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal at pagmamalas sa mga pagsisikap ng mga magulang.

f. Pagpapakita ng Paggalang



Ito ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang "po" at "opo", pagbibigay ng konsiderasyon sa kanilang mga opinion at desisyon, at pagkilala sa kanilang mga kontribusyon sa buhay ng pamilya.

2. Pinatnubayang Pagsasanay


Kaugnay na Paksa 2

Ang layunin ng paksang ito ay upang matukoy at maunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng kanilang pagmamahal sa magulang o tagapangalaga. Napakahalagang maunawaan nila na ang pagmamahal ay naipapakita sa iba't ibang paraan. At dahil ito ang siyang nagpapatibay sa relasyon at ugnayan ng bawat miyembro ng pamilya.

Mahal Mo, Ipakita Mo! Sa unang hanay, suriin ang mga larawan. Batay sa mga larawan, sagutin kung ito ba'y ginagawa mo sa iyong mga magulang o hindi. At sa ikatlong hanay, ipaliwanag ang iyong sagot.

Larawan ng Pagmamahal	Ginagawa mo ba ito sa iyong Magulang o Tagapangalaga?		Bakit?
	Oo	Hindi	
	_____	_____	_____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____
	_____	_____	_____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____
	_____	_____	_____ _____ _____ _____ _____ _____

Mahal Mo, Ipakita Mo!
 Ang gawaing ito ay medyo madamdamin para sa ibang mag-aaral. Maaaring hindi nila ito naranasan, depende sa pamilya na kanilang kinagisnan. Maaring hindi lahat ay may kakayahang ibahagi ang kanilang mga karanasan. Gayunpaman, hikayatin silang magbahagi at napakaimportanteng i-proseso ang kanilang mga nararamdaman at mga sagot.



Gawain: #ISLOGAN. Talas ng Wika, Mensaheng Mabisa

Ang islogan ay isang maikli at madalas na *catchy* na pahayag o pangungusap na naglalaman ng mensahe o layunin. Gumawa ng islogan na naaayon sa temang “Pansariling Pagpapahayag ng Pagmamahal sa mga Magulang o Tagapangalaga”. Maaaring hatiin ang klase sa tatlo o apat na pangkat.

Rubriks:

Batayan	Napakahusay	Maayos	Nangangailangan ng Tulong	Puntos
	8-10	5-7	1-4	
Kaayusan ng Islogan	Mahusay ang ginawang pagkakaayos ng nilalaman, guhit ng larawan, at disenyo. Nagbibigay ng magandang impresyon at kaakit-akit sa paningin.	Katamtaman ang ganda ng ayos at disenyo ng binuong islogan.	Hindi maayos ang pangkalahatang dating ng islogan.	
Mensahe ng Islogan	Makahulugan ang bawat mensahe. May kaugnayan sa paksang tinalakay.	Maganda ang islogan wala itong kirot sa puso.	Walang kaugnayan ang islogan sa paksang tinalakay.	

Gamit ng Wika	Lohikal at magkakaugnay ang mga salitang ginamit sa pagbuo ng islogan.	Hindi gaanong lohikal at magkakaugnay ang mga salitang ginamit sa pagbuo ng islogan.	Hindi lohikal at magkakaugnay ang mga ginamit na salita sa pagbuo ng islogan.	
Kasini-ngan at Pagkama-likhain	Masining at nakamamangha ang islogan.	Maganda ang islogan.	Nangangailangan ng pagbabago ang islogan.	
Kabuoan				

#ISLOGAN
 Ang estratehiyang ito ay mabisa para maihayag ng mag-aaral ang sarili nilang saloobin at maipakita ang kanilang kakayahan sa malikhaing pamamaraan.

 Maaari itong gawing *performance task*.

IKAAPAT NA ARAW

3. Paglalapat at Pag-uugnay

#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano anong mga bagong kaalaman ang natutuhan mo sa paksang ito?

- Bakit kinakailangan nating ipakita ang ating pagmamahal sa ating mga magulang at mga mahal sa buhay?

<p>D. Paglalahat</p>	<p>1. Pabaong Pagkatuto</p> <p>Dahil Mahal Ko, Uunawain Ko. Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Sa inyong pamilya, paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa iyong mga magulang o tagapangalaga?</p> <p>1. Sa oras na sila ay pagod...</p>	<p>Sa gawaing ito, mahalaga ang pagproseso o <i>valuing process</i> sa mga sagot nila.</p>

2. Sa oras na kapos kami ng pera...

3. Sa panahon na kulang ang aming pagkain sa hapag-kainan...

4. Sa mga pagkakataon na sila ay galit...

	<p>5. Sa panahon na sila ay may karamdaman...</p> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin: 10px 0;"> <hr/><hr/><hr/><hr/><hr/> </div> <p>2. Pagninilay sa Pagkatuto</p> <p>Sulat ng Pasasalamat sa aking mga Magulang. Gumawa ng sulat para sa iyong magulang o tagapangalaga. Sa iyong sulat, maaari mong iparating ang iyong pagpapahalaga at pasasalamat, at ang iyong pag-unawa sa mga sakripisyo at pagmamahal nila.</p>	<p>Ito ay maaaring gawin sa bahay bilang takdang-aralin</p>
--	---	---

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA sa GURO
<p>A. Pagtataya</p>	<p>1. Pagsusulit</p> <p>A. Enumerasyon Tatlong tungkulin ng mga magulang o tagapangalaga:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. _____ 2. _____ 3. _____ <p>Dalawang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa magulang o tagapangalaga:</p> <ol style="list-style-type: none"> 4. _____ 5. _____ <p>B. Tama o Mali: Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 punto bawat</p>	<p>A. Enumerasyon Ang sagot dito ay maaaring mag-iba.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. nagbibigay ng suporta at gabay 2. nagbibigay ng magandang pamumuhay 3. tumutulong sa pagpapaunlad ng ating mga kakayahan

	<p>tanong).</p> <ol style="list-style-type: none"> [T/M] Ang mga magulang na masaya ay nagpapalaki ng mga masayang anak. [T/M] Ang pisikal na pakikipag-ugnayan katulad ng yakap ay isa sa mga paraan ng anak upang ipakita ang kaniyang pagmamahal at tiwala sa kaniyang mga magulang. [T/M] Kapag naghahanap ng pansin ang mga anak sa mga magulang, okey lang na balewalain sila. [T/M] Walang mas malaking tiwala kaysa sa tiwala ng isang bata sa kanilang magulang. [T/M] Ang pagtulong ng mga anak sa mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglilinis, at pag-aalaga sa mga kapatid ay isang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa magulang. 			<ol style="list-style-type: none"> paggalang sa pamamagitan ng pagsagot ng po at opo pag-aalaga sa tuwing sila ay may karamdaman <p>B. Tama o Mali</p> <ol style="list-style-type: none"> T T M T T 	
<p>B. Pagbuo ng Anotasyon</p>	<p>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</p>	<p>Epektibong Pamamaraan</p>	<p>Problemanang Naranasan at Iba pang Usapin</p>		
	<p>Estratehiya</p>				
	<p>Kagamitan</p>				
	<p>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</p>				
<p>C. Pagninilay</p>	<p><i>Gabay sa Pagninilay:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> 				

	<p><i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ▪ <i>Pagtanaw sa Inaasahan</i> <p><i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i></p> <p><i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i></p>	
--	---	--

<i>Inihanda ni: Ethel Ronquillo-Burgos</i>	<i>Sinuri ni: Rosemarie D. Sabado</i>
<i>Institusyon: Silliman University</i>	<i>Institusyon: Laguna university</i>